ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ISANG PAGSUSURI SA MORPO-SEMANTIKA NA MGA KATANGIAN SA MGA PATALASTAS NA GUMAGAMIT NG WIKANG FILIPINO

Janah Kyot M. Ylanan, Linagyn G. Cubio LPT

[1]*ORCID No. 0009-0009-5601-355X*

Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19816
DOI No: 10.36713/epra19816

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga morpo-semantika na mga katangian sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri bilang dulong upang suriin ang limampu't isang (51) na mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino na nagsilbing korpora sa pag-aaral. Batay sa resulta, labing isang (11) proseso sa pagbuo ng mga Salita na ginamit sa patalastas ang namukod sa ginawang pagsusuri: ang prosesong tambalan ng mga salita, paggamit ng inisyal, panghihiram, pagbabaliktad, pagpapalit kahulugan, pagdaragdag, paglikha ng bagong salita, pagbibigay ng kahulugan, reduplikasyon, paghahalo ng pantig, at maraming proseso o kumbinasyon. Dagdag pa, ang pangunahing mensahe at tema ng mga patalastas na may tatlong (3) aspeto upang maunawaan ang kahulugan ng mga bagong salitang lumitaw at ginagamit sa patalastas naman ang namukod sa ginawang pagsusuri: ang lingguwistikong kahulugan o linguistic meaning, kahulugang panlipunan o social meaning, at pandamdaming kahulugan o affective meaning.

MGA SUSING SALITA: *diskursong pagsusuri, lingguwistik, morpo-semantika, patalastas*.

INTRODUKSYON

Ang kabanata na ito ay naglalaman ng pagpapakilala sa suliranin o paksa ng pananaliksik. Kasama dito ang rasyunale, layunin ng pag-aaral, mga katanungan sa pananaliksik at teoritikal na pukos. Nakapaloob din ang kahalagahan ng pag-aaral, katuturan ng mga katawagang ginamit sa pananaliksik, sakla, limitasyon at hanganan ng pag-aaral na ito. Idinagdag din ang mga kahulugan ng mga teknikal na termino.

Rasyunale

Sa pagsusuri ng mga patalastas, mahalaga ang pagkakaroon ng malalim na pag-unawa sa mga tagatangkilik, kanilang pangangailangan, at ang epekto ng patalastas sa kanilang emosyon at gawi. Ang ganitong pag-unawa ay magbibigay gabay kung paano ipaparating ang mensahe ng mas epektibo. Dapat alam natin ang kultura, pananaw, at pangangailangan ng ating target audience upang makabuo ng patalastas na makakakita ng malaking epekto sa kanila. Ang pagsusuri ay hindi lamang tungkol sa mensahe, kundi pati na rin sa kung paano ito matatanggap ng mga tao (Arens et al., 2017).

Dagdag pa rito, ang pagsusuri ng patalastas ay nagiging daan upang malinaw na maipaliwanag ang kabuoang mensahe, tema, at kahulugan nito. Sa pamamagitan ng ganitong masusing pagsusuri, makikita natin kung paano ang patalastas ay may papel sa lipunan, paano ito nakakaapekto sa pananaw at emosyon ng mga tao, at kung paano ito nakakatulong sa kanilang karanasan (Hasanah, 2012).

Sa Tsina, ang mga reklamo o maling interpretasyon na dulot ng hindi tamang pagsasalinwika ay nagpapakita ng kahalagahan ng maayos na pagsasalin ng mga mensahe at slogans ng patalastas. Halimbawa, ang isang isyu na kinasangkutan ng Pepsi sa Tsina na nagkaroon ng maling pagsasalin ng slogan ay nagdulot ng negatibong epekto sa kanilang imahe sa merkado. Sa kabilang banda, kapag tama pagsasalin, maaaring magbukas ito ng mga pagkakataon at maging isang malaking tulong sa negosyo sa internasyonal na antas (Weinmann, 2011).

Sa Pilipinas, ang isang halimbawa ng kontrobersya sa Pilipinas ay ang reklamo laban sa Destilleria Limtuaco dahil sa kanilang billboard para sa Napoleon Quince brandy na mayroong slogan na "Nakatikim ka na ba ng kinse anyos?" Ito ay itinuring na hindi angkop at nakakasira sa imahen ng kababaihan. Ang isyu ay umabot pa sa Korte Suprema, ngunit hindi pabor sa kumpanya ang desisyon ng korte noong 2008, na naging sanhi ng pagkatalo ng kanilang kaso (Vaflor, 2018).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang pag-aaral na ito ay kinakailangan upang malaman ang mga katangian ng mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Pinaniniwalaan ng mananaliksik na kinakailangan ng mensahe at tema sa isang akda upang matawag itong patalastas. Samakatuwid, interesado ang mananaliksik na mabatid ang mga taglay na katangian ng isang patalastas upang ang isang likhang patalastas ay higit na maging kaakit-akit sa mga taong manonood. Sa akademikong aspekto, magiging gabay ito upang higit na mapalawak ang kaalaman ng mga tao tungkol sa pagtukoy at paggamit ng mga katangian na siyang makakatulong sa paglikha ng mga patalastas.Sa kanyang aklat na "Understanding Media: The Extensions of Man", ipinaliwanag ni McLuhan mula sa University of Toronto, Canada, ang ugnayan ng medium ng komunikasyon at ng mensaheng hatid nito. Tinukoy niya na ang mga patalastas ay hindi lamang simpleng naglalaman ng mensahe kundi nagbabago rin ng paraan ng pag-iisip at pananaw ng mga tao. Ang medium mismo ay may malaking papel sa anyo at interpretasyon ng mensaheng nais iparating.

Gayundin sa pag-aaral ni Postman ang epekto ng media sa lipunan at kung paano nito binabago ang pampublikong diskurso. Ayon sa kanya, ang media na pinapalakas ng entertainment ay may malaking papel sa paghubog ng kultural na pagbabagong nangyayari, at ito ay may epekto sa kung paano tinatanggap ang mensahe ng patalastas. Ang mga patalastas sa ilalim ng modernong media ay nakatutok sa kasiyahan ng audience kaysa sa pagbibigay ng makabuluhang impormasyon (Postman, 1985).

Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang isagawa ang pagsusuri ng diskurso at tukuyin ang morpolohikal na katangian sa pagsusuri sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Ang pag-aaral na kwalitatibo ay layong ipakita ang paraan, paggamit, at pagsusuri ng diskurso sa mga morpolohikal na katangian sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Maaari rin itong suriin ang mensahe, tema at estraktura ng mga salita na ginagamit sa mga patalastas at analisahin kung paano nakakaapekto ang morpolohikal na katangian na tumutukoy sa anyo ng mga salita sa isang wika.

Sa pag-aaral na ito kinakailangan ng mataas na pagsusuri sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, maaari nating masuri kung paano nakakaapekto ang anyo ng mga salita sa pagpapahayag ng mensahe, tema, at estraktura ng mga patalastas. Ang pag-unawa sa morpolohikal na katangian ng wika ay makakatulong sa pagpapalalim ng kaalaman sa paggamit ng wika at sa pagpapabuti ng komunikasyon sa pamamagitan ng mga patalastas. Samakatuwid, nais pagtuunan ng pansin ng mananaliksik sa nahihirapang matukoy at maunawaan sa mga masisining at kaakit-akit na mga mensahe at tema sa nakapaloob sa isang patalastas.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng kwalitatibonng pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri, bilang dulong, ang dalawang pangunahing katanungan sa pananaliksik ang magsisilbing batayan upang matumpok ang layunin ng gagawing pag-aaral:
Ano-ano ang mga morpo-semantika na mga katangian sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino?
Ano-ano ang mga pangunahing mensahe at tema sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino? lita.

METODOLOHIYA

Sa kabanatang ito ay tumatalakay sa mga pamaraan at hakbang na ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral. Nahahati sa mga sumusunod na bahagi ang kabanatang ito; disenyo ng pananaliksik, mga kagamitan sa pananaliksik, tungkulin ng pananaliksik sa datos, pagtitiwala sa kawastuhan ng pag-aaral, at etikal na konsiderasyon.

Disenyo ng Pananaliksik

Bhandari (2020)Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, kung saan ang pangunahing layunin ay mangalap at magsuri ng mga hindi numerikal na datos, tulad ng mga teksto, video, at audio, upang masusing maunawaan ang mga ideya, pananaw, o karanasan ng mga tao (Bhandari, 2020).

Ang kwalitatibong pananaliksik ay isang metodolohiya na gumagamit ng iba't ibang estratehiya upang pag-aralan at ipaliwanag ang mga kaganapan o isyu sa ating paligid. Kasama rito ang pagsusuri ng mga dokumento, paggawa ng mga panayam, at pagmamasid sa mga kalahok. Sa pamamagitan ng mga metodolohiyang ito, nakakamtan ang malalim na pag-unawa at kaalaman tungkol sa isang tiyak na isyu o konteksto (Creswell & Poth, 2018).

Ang diskursong pagsusuri ay isang metodolohiya sa pananaliksik na nakatuon sa pagsusuri ng mga nakasulat o binigkas na wika, na may kaugnayan sa mga social o panlipunang konsepto. Layunin nitong tuklasin kung paano ginagamit ang wika sa mga aktwal na sitwasyon at kung paano nabubuo ang kahulugan nito sa mga kontekstong panlipunan. Sa pamamagitan ng diskursong pagsusuri, maaaring suriin ang mga public announcements o patalastas at maunawaan ang mga mensaheng ipinapahayag nito (Lou, 2020).

Samakatuwid, ang pag-aaral na ito, gagamitin ang kwalitatibong pananaliksik na nakatuon sa diskursong pagsusuri upang makalikom ng mga estratehiya para maunawaan at maipaliwanag ang mga mensahe at tema na makikita sa mga patalastas sa wikang Filipino. Ang diskursong pagsusuri ay magbibigay-daan upang maunawaan ang estruktura ng mga patalastas at ang kahulugan ng mga salitang ginagamit sa iba't ibang konteksto ng lipunan. Sa pamamagitan ng diskursong pagsusuri, matutukoy ng mananaliksik ang mga tema, mensahe, emosyon, implikasyon, at pinagmulan ng bawat patalastas.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Tungkulin ng Mananaliksik

Sa pag-aaral na ito gamit ang diskursong pag-susuri, ang mananaliksik ang siya mismo ang magiging tagasuri sa napiling kagamitan para sa pananaliksik. Maliban sa pagsusuri, ang mananaliksik ay siya ring magiging taga panukala, taga ebalweyt, taga-*encode*, taga-*transcribe*, at tagasalin. Sa kabuoan, ang lahat ng nabanggit na tungkulin ng mananaliksik ay may iisang tunguhin kundi ang mabigyan ng kasagutan ang mga katanungan sa pag-aaral na ito.

Bilang taga panukala, titiyakin ng mananaliksik na makkuha ng mga angkop na mga datos. Sisiguraduhin din ng mananaliksik na sa pagkuha ng mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino sa mga maasahang *website* sa internet ay masusunod nito ang pamantayang nakasaad sa pag-aaral at titiyaking makakuha ng pahintulot mula sa ipapanukalang pag-aaral. Hihingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Research Ethics Committee sa paaralan ng Kapalong College of Agrculture, Sciences and Technology sa pagsasagawa ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng kahingiang papel para sa pag-aaproba ng pag-aaral.

Bilang taga ebalweyt, masusing susuriin ng mananaliksik ang mga gagamiting kagamitan kung saan pipiliin ng mananaliksik mula sa listahan ng mga patalastas na nailimbag sa mga maaasahang *website* sa internet, alinsunod sa mga nabanggit na mga batayan sa pagpili. Magsasaliksik ang mananaliksik sa lahat ng *website* na nailimbag na mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino at tutukoy sa mga patalastas na nagtataglay sa paggamit ng wikang Filipino para makakuha ng mga datos mula sa pagsusuri nito.

Bilang taga-*encode*, ang mananaliksik din ang magsasagawa ng pag-eencode ng mga datos na nakuha mula sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Pagkatapos matukoy at malikom, lahat ng mga pampublikong anunsyo na gumagamit ng wikang Filipino ay ilalapat ito sa pamamagitan ng pasalintronikong pag-aayos ng mga datos. Matapos ma-*encode* ang lahat ng naitalang salita, susuriin ang mga ito, ihahanay ayon sa kinabibilangan nitong uri sa pamamagitan na gabay ng teoryang napili.

Bilang isang tagasuri, susuriin ng mananaliksik among mga makokolektang mga datos at hindi isasama ang mga datos na hindi na kailangan o walang kaugnayan sa gagawing pananaliksik. Nakatuon lamang sa pagkokolekta ng mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino, sapagkat ito ang susuriin ng mananaliksik sa paggalugod. Layunin din ng pagsusuri na makabuo ng mga kategorya o mga tema ng mga datos ayon sa mga kahingian ng mga tanong sa pananaliksik na ito.

Higit pa rito, tungkulin rin ng mananaliksik na pangangalagaan ang mga datos na makukuha mula sa mga patalastas at inaasahang mapapanatili ang paggamit ng wikang Filipino. Pananagutan ng mananaliksik na mabantayan ang anumang naging tugon sa gagawing pag-aaral at maitatala nang angkop ang patalastas na gumagamit ng wikang Filipino batay sa mga katanungang iniharap. Ang katiyakan ng mga maitatala ay nagpapatotoo sa kabisaan ng pag-aaral.

Kagamitan sa Pananaliksik

Ang panitikan ay isang mahalagang bahagi ng kultura ng isang lipunan. Ito ay sumasalamin sa ating mga karanasan at may malakas na impluwensya sa kamalayan at pag-iisip ng mga tao. Ang panitikan, bilang isang makapangyarihang midyum, ay may kakayahang magbago at magtakda ng bagong pananaw at sistema sa isang Lipunan (Austin, 2022).

Kaugnay rito, sa pagsasagawa ng kwalitatibong pananaliksik, ang bilang ng mga datos na kakailanganin ay hindi palaging tiyak. Ang dami ng mga datos ay nakadepende sa saklaw ng pag-aaral, uri ng paksa, kalidad ng datos, at disenyo ng pananaliksik. Dahil dito, ang mananaliksik ay gumagamit ng 51 na patalastas na gumagamit ng wikang Filipino bilang basehan ng kanilang pagsusuri upang matiyak na sapat ang bilang ng datos para sa kanilang pagbuo ng resulta (Morse, 2000).

Dagdag pa, ang *purposive sampling technique* ay isang paraan ng pagsasampol na may layuning piliin ang mga partikular na kaso batay sa kanilang mga katangian. Hindi tulad ng random sampling, ang teknik na ito ay hindi nangangailangan ng teorya o nakatakdang bilang ng kalahok. Sa halip, ang mananaliksik mismo ang pumipili ng mga kasangkapan batay sa mga pamantayan na itinakda, kaya't tanging mga partikular na datos lamang ang pipiliin (Patton, 2002).

Bilang tugon sa sampling technique na ginamit, ang mananaliksik ay bumuo ng mga pamantayan na nagsisilbing batayan sa pagpili ng mga korporang ginamit sa pananaliksik: a) Kinakailangan na ang mga patalastas ay gumagamit ng wikang Filipino: b) Kinakailangang kakikitaan ito ng ibat ibang estratehiya at paraan ng pagsusuri.

Samakatuwid, ang mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling technique upang piliin ang mga patalastas bilang basehan ng pag-aaral. Binuo niya ang mga pamantayan na magsisilbing gabay sa pagpili ng mga patalastas, tulad ng paggamit ng wikang Filipino at ang pagkakaroon ng iba't ibang estratehiya sa pagsusuri. Sa pamamagitan ng teknik na ito, nagawa ng mananaliksik na piliin ang mga materyales na pinaka-akma at may kaugnayan sa layunin ng kanyang pag-aaral, na nakatuon sa pagsusuri ng mga patalastas sa Filipino.

Paglikom ng Datos

Sa paglikom ng datos, sinunod ng mananaliksik ang mga batayang pamamaraan sa pagsasagawa ng isang pag-aaral. Ang pagsasagawa ng isang kwalitatibong pag-aaral ay dapat na masusing isinasaayos sa kritikal na pamamaraan (Creswell, 2013).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Bilang tugon dito, ang mananaliksik ay sumangguni sa kaniyang tagapayo bilang paunang hakbang upang suriin at talakayin ang pagpili ng mga patalastas bilang korpora sa ginawang pananaliksik. Nagbigay ng aprubasyon ang tagapayo sa mga korporang napili, kumuha naman ng aprubasyon ang mananaliksik para sa manuskrito mula sa kaniyang tagapayo at kumuha ng *endorsement letter* upang maumpisahan ang proseso ng *routing* sa manuskrito sa tatlong tagapagsuri ng papel pananaliksik upang mataasa ang kawastuhan ng papel pananaliksik.

Matapos maaprubahan ng tatlong tagapagsuri ang manuskrito, isinumite naman ito sa *Research Office* na dumaan sa *ethics review*. Naibigay nang tagapamahala ng opisina ang *compliance certification* ng *ethics review*, inumpisahan nang mananaliksik ang paglikom ng mga patalastas na susuriin.

Sa paglikom ng patalastas, sumangguni ang mananaliksik sa *online* na plataporma sa paghahanap o paglikom ng kopya na naglalaman ng mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino upang mabuo ang limamput isang (51) patalastas na gumagamit ng wikang Fillipino na ginamit bilang korpora ng pag-aaral.

Matapos malikom ang nakaatas na bilang ng korpora ay agad na isinagawa ng mananaliksik ang pagsusuri sa mga akda upang mailahad ang mga proseso sa pagpapakita ng representayson ng mga kasarian at pagpapakita ng mga pagkiling sa representasyon ng kasarian sa loob ng tekstong sinuri. Bawat datos na nakuha ay itinala sa isang kwaderno sa masusing balangkas na siyang inilipat sa pamamagitan ng pag-*encode* nito sa *laptop* nang mabigyang paunang pagsusuri ito ng mananaliksik na siya naming isinangguni sa dalubhasang *analyst* o tagapagsuri na nakaatas sa kaniya upang masiguro na tama, wasto, at kredibol ang mga nakalap na resulta. Matapos masigurong tama at wasto ang mga datos na nakalap ay inumpisahan nangmananaliksik ang pagbuo at paghahanay sa Kabanata 3 na naglalaman ng resulta at interpretasyon ng pag-aaral.

Pag-aanalisa ng mga Datos

Ang lahat ng datos sa pag-aaral na ito ay makakalap at makokolekta sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa sa mga pagpapahayag at panghihikayat sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Fillipino.

Ang pagsusuri ng kwalitatibong datos (Qualitative Data Analysis o QDA) ay isang proseso ng pag-oorganisa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa mga hindi numerical na datos, pati na rin ang mga konseptwal na impormasyon at puna mula sa mga gumagamit. Layunin nito na tuklasin ang mga tema at pattern, sagutin ang mga tanong ng pananaliksik, at magbigay ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang isang produkto o *website* (Nobe & Smith, 2014).

Sa pag-aaral na ito, gagamitin ng mananaliksik ang mga hakbang na may kinalaman sa pagpili, pagtukoy, at pagsusuri ng mga datos mula sa napiling korpora. Ang unang hakbang ay ang pagtukoy sa yunit ng pagsusuri, na binubuo ng mga salita at pahayag mula sa mga patalastas. Upang masagot ang unang tanong ng pananaliksik—ang mga morposemantikang katangian ng mga salitang ginagamit sa mga patalastas na may wikang Filipino—gagamitin ng mananaliksik ang teorya ni Finegan (2008) tungkol sa "Linguistic Features of Structure and Use" upang magsagawa ng morpho-semantic na pagsusuri at magbigay-kahulugan sa mga salitang iyon.

Para naman masagot ang ikalawang katanungan na ano-ano ang mga pangunahing mensahe at tema sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino ay lilikomin ng mananaliksik ang unang datos na sumagot sa unang katanungan upang makabuo ng pag-aanalisa. Ang pang tatlong hakbang ay ang pagrebyu at paggawa ng konklusyon. Dito ilalahad ng mananaliksik ang kanyang interpretasyon at konklusyon mula sa pagsusuring isinagawa tungkol sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Batay sa resulta ng datos na nakalap ng mananaliksik, susuriin niya ito gamit ang sariling opinyon, na batay sa malawak na konteksto ng pag-unawa at pagsusuri ng mga mensahe at tema ng mga patalastas.

Sa pagsunod sa mga hakbang, maisasakatuparan ng mananaliksik ang layuning mabigyan ng kasagutan ang mga tanong at maibahagi ang konklusyon at rekomendasyong mailalahad gamit ang mga datos na susuriin.

Pagkamapagkakatiwalaan ng Pag-aaral

Upang matugunan ang kredibilidad sa kwalitatibong pananaliksik na ito, ang pagtitiwala sa kawastuhan ng pag-aaral ay pahahalagahan ng mananaliksik. Ang pagtitiwala sa kawastuhan ay kinabibilangan ng apat na krayterya na nangangailangang pagtuonan ng atensyon: halaga sa katotohanan para sa kredibilidad, pagiging akma para sa paglilipat, hindi pagbabago para sa pagkamaasahan at neutralidad para sa pagpapatunay (Lincoln & Guba, 1985) na binanggit ni (Shenton 2004).

Ang **Kredibilidad** ay tumutukoy sa kung ang resulta ng pag-aaral ay kumakatawan sa kapani-paniwalang konseptwal na interpretasyon at pag-aanalisa sa mga datos mula sa paunang pagkukunan ng datos at sekondaryang pagkukunan ng datos (Lincoln & Guba, 1985).

Ang pagpapanatiling mapagkakatiwalaan sa kwalitatibong pananaliksik ay nangangailangan ng ilang konkretong hakbang. Isa sa mga hakbang na ito ay ang triangulation, na kung saan ginagamit ang iba't ibang mga pinagmulang datos, paraan, o perspektiba upang patunayan ang mga natuklasan. Ang pamamaraang ito ay nakakatulong sa pagtatatag ng konsistensiya at katatagan ng mga resulta. Bukod dito, magiging *reflexive* ang mananaliksik para sa kredibilidad. Ang mananaliksik ay magpapamalas ng pagmumuni-muni sa kaniyang mga *bias*, mga pag-aakala, at mga halaga na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

maaaring makaapekto sa proseso at mga natuklasan sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng pagkilala at pag-address sa mga bias na ito, maaaring mapabuti ng mananaliksik ang transparensya at kredibilidad ng kanilang trabaho.

Ang **Kumpirmabilidad** ay tumutukoy sa kawastuhan at neutralidad ng mga natuklasan sa pananaliksik. Ito ay nakatuon sa antas ng pagkakabatay ng mga natuklasan sa mga datos kaysa sa impluwensya ng mga personal na bias o preconceptions ng mananaliksik. Dapat magtala ng mga talaan ng mga desisyon, dokumento ng mga proseso ng pagpapasya, at mag-encourage ng peer debriefing ang mga mananaliksik upang mapabuti ang kumpirmabilidad (Barrett et,. 2002).

Ang kumpirmabilidad, ay maaaring matugunan din sa pamamagitan ng konkretong hakbang. Ang reflexivity ay naglalaro ng mahalagang papel dito. Dapat magdokumento ang mga mananaliksik ng kanilang mga bias, mga pag-aakala, at mga proseso ng paggawa ng desisyon upang mapabuti ang kumpirmabilidad ng mga natuklasan. Ang ganitong praktis ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa at mga reviewer na maunawaan ang perspektiba ng mananaliksik at ang posibleng impluwensya sa pananaliksik.

Ang **Kakayahan sa Paglipat o transperabilidad** ay maglalahad ng mga matutulaksang iba pang mga konteksto maangkop mula rito. Ang pagbibigay-diin sa mga karagdagang impormasyon ay mahalaga sa paggawa at paglilipat ng datos na magagamit sa iba pang mga kaugnayan sa pananaliksik (Creswell, 2013). Ito rin ay tumutukoy sa hindi pagkiling sa sariling kaisipan lamang, kailangang may kaugnayan ang kaisipan ng dalawa o higit pang mga indibidwal tungkol sa kasapatan, kahalagahan, at kahulugan ng pag-aanalisa ng datos (Lincoln & Guba, 1985).

Upang tugunan ang kakayahan sa paglilipat, maaaring gamitin ng mananaliksik ang mga tiyak na hakbang. Isa sa mga hakbang na ito ay ang pagbibigay ng malalim na paglalarawan ng konteksto ng pananaliksik at mga paraan. Ang mga detalyadong paglalarawan na ito ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa na suriin ang aplikabilidad at kahalagahan ng mga natuklasan sa iba pang mga konteksto. Bukod dito, dapat maingat na piliin ng mananaliksik ang mga kinakailangan na datos upang maging malinaw at maayos ang magiging resulta nito.

Ang **Pagkamaasahan** ay tumutukoy sa katibayan ng datos sa isang panahon sa ilalim ng magkaibang kondisyon. Kung gayon, mahalagang nakalahad ang mga prinsipyo at krayteryang ginamit sa pagpili ng kalahok o material para maingat na maisagawa ang paglipat ng resulta sa ibang konteksto na maaaring matasa (Creswell, 2013).

Ang pagkamaasahan ay maaari ding makamit sa pamamagitan ng konkretong hakbang. Isa sa mahalagang hakbang ay ang pagpapanatili ng isang audit trail, na kung saan kasama ang detalyadong talaan ng proseso ng pananaliksik, kasama ang pagkolekta ng datos, pagsusuri, at interpretasyon. Ang transparensiyang ito ay nagbibigay-daan para maibalik at ma-verify ng iba ang pananaliksik, na nagpapataas ng dependability. Ang *peer debriefing* ay isa pang hakbang na maaaring gamitin. Sa pamamagitan ng paghingi ng input at feedback mula sa ibang mga mananaliksik o mga eksperto sa larangan, maaaring matiyak ng mga mananaliksik na ang kanilang mga interpretasyon at konklusyon ay maaasahan at may matibay na batayan.

Ang **Pagpapatunay** ay nagpapahiwatig sa antas ng neutralidad o lawak ng resultang nabuo mula sa masusing pagsusuri ng mananaliksik sa tulong ng kasamang tagasuri upang maiwasan ang pagkiling sa sariling interes at motibasyon (Lincoln & Guba, 1985) na binanggit ni Creswell (2013). Susundin ko rin ang ideya ni Fenton & Mezulewicz (2008), na nagbigay ng suhestiyon na kailangang maayos ang organisasyon ng lahat ng materyales o kagamitan at ang mga papel na gagamitin sa pananaliksik sa iisang lagayan o file upang maberipika sa anumang oras o mabigyangbisa ang mga gagawing interpretasyon at paglalahad.

Para masiguro ang pagpapatunay, batay sa pag-aaral ni Guba (1985) na binanggit ni Shenton (2004) ay iminungkahi ang sumusunod na probisyon na nabuo mula sa pag-aaral na bawasan ang epekto ng pagkiling ng mananaliksik, paglalarawang gawa-gawa ng mananaliksik upang hindi masakripisyo ang integridad ng resulta ng pananaliksik.

Etikal na Konsiderasyon

Ang etikal na pundasyon sa pag-aaral na ito ay sumusunod sa mga pamantayan ng research ethics na iminungkahi ni Mack at mga kasamahan (2005). Sa pag-aaral, isinasaalang-alang ang limang mahahalagang alituntunin ng etika na kinabibilangan ng respeto sa mga tao, kapakinabangan, katarungan, kapahintulutan, at kompidensyalidad upang matiyak na makatarungan at etikal ang pagsusuri (Mack et al., 2005).

Para matugunan ang etikal na konsiderasyon sa pag-aaral na ito, susundin ng mananaliksik ang limang napakahalagang alituntunin sa research ethics na isinaad ni Mack et, al., (2005), ito ay ang respeto sa mga tao, kapakinabangan, katarungan, kapahintulutan at kompedensyalidad upang masiguro ng mananaliksik ang moral at etikal na konsiderasyon

.

Respeto sa mga tao. Ipinagpapalagay ng etikal na prinsipyo ang pangangalaga sa awtonomiya ng mga kalahok, at ang kanilang proteksyon mula sa panganib o pananamantala. Tiniyak na ang mga kalahok ay nirerespeto at hindi ginagamit lamang para sa mga layunin ng pananaliksik. Sa pag-aaral, ipinakita ang respeto sa pamamagitan ng tamang pagsunod sa mga proseso ng pananaliksik.

Sa pananaliksik na ito, siniguro ng mananaliksik na nasunod ang kronolohikal na proseso sa pagsasagawa ng pag-aaral nang masiguro na ito ay lehitimo at isang makabuluhang pag-aaral na hindi naapektuhan ang integridad ng may-akd/a at ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

patalastas na sinuri. Dagdag pa, dumaan sa *outline defense*, *routing*, at *ethics review* ang pag-aaral upang masiyasat ang kaangkopan ng layunin, proseso at ang pagsunod nito sa mga etikal na pamantayan sa ginawang pag-aaral.

Kapakinabangan. Layunin ng pananaliksik na masiguro na ang proseso at mga natuklasan ay may benepisyo hindi lamang sa mga kalahok kundi pati na rin sa komunidad. Ang mga benepisyo ay dapat na mas pinapalakas at ang mga potensyal na pinsala ay mababawasan sa pamamagitan ng makatarungang pananaliksik (Beauchamp & Childress).

Katarungan. Sa ganitong prinsipyo, itinatampok ang pagbabahagi ng benepisyo ng pananaliksik sa mga kalahok. Ang mga kabahagi ng pag-aaral ay may karapatang makinabang mula sa mga kaalaman at resulta ng pananaliksik. Sa pag-aaral, ang mga tagapayo at mga tagapagsuri ay binigyan ng pagkakataon na magamit ang mga resulta ng pananaliksik para sa akademikong layunin at bilang halimbawa sa pagtuturo ng diskursong pagsusuri at usaping kasarian.

Kapahintulutan. Ang etikal na proseso ng paghingi ng pahintulot ay tinitiyak na nauunawaan ng mga kalahok ang kahulugan at layunin ng kanilang pagiging bahagi sa pananaliksik. Sumailalim ang pag-aaral sa isang pagsusuri ng etikal na konsiderasyon upang makuha ang wastong pahintulot at magsagawa ng makatarungan at etikal na pananaliksik.

Sa gagawing pag-aaral, isasailalim ang papel sa ethics review upang masuri ang kawastuhan at kaangkopan batay sa etikal na pamantayan ang gagawing proseso sa pananaliksik. Ipinasa ang manuskrito ng pag-aaral sa Research Office (RO) upang isagawa ang pagtatasa sa etikal na kawastuhan ng pag-aaral. Ang aprobasyon mula sa ethics review ay nagsisilbing hudyat na maaari ng isagawa ang pagsusuri ng mga akda.

Kompidensiyalidad. Ito ay ang pangangalaga sa impormasyon ng mga partisipante at mga pahayag na kanilang ibinahagi. Nangangailangan na sundin ang lahat ng proseso ng may pag-iingat at naaayon upang maprotektahan ang kapakanan ng isang indibidwal (Mack et al., 2005). Sa ginawang pananaliksik, upang matamo ang kompidensiyalidad, pinangangalagaan ng mananaliksik ang pribadong impormasyon ng mga awtor.

Sa ginawang pag-aaral, ang mga personal na impormasyon hinggil sa may akda ng mga patalastas na sinuri ay hindi inilakip o isinama sa nilalaman ng manuskrito, maliban na lamang sa kaniyang pangalan bilang pagbibigay pagkilala o kredito sa kaniyang mga akda.

RESULTA

Sa kabanatang ito inilalahad ang mga mensahe at tema na nakalap mula sa masusing pagsusuri sa 50+1 na mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Nakasentro lamang ang kabanatang ito sa morpo-semantika na kinakikitaan ng mga patalastas. Ang mga patalastas ay sinuri batay sa konsepto at mungkahi ni Finegan, (2008) upang matukoy at masuri ang morpo-semantika na mga katangian at pangunahing mensahe at tema sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Ang pagsusuri at pangangalap ng mga datos na gagamitin bilang korpora ay nakasentro at nakabatay sa mga katanungan sa pananaliksik:

1) Ano-ano ang mga morpo-semantika na mga katangian sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino?

(2) Ano-ano ang mga pangunahing mensahe at tema sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino?

Bawat mensahe at tema mula sa mga patalastas bilang korpora ay masusing sinuri. Sa Talahanayan 1, makikita kung ano-anong morpo-semantika na mga katangian na nakapaloob sa mga patalastas base sa mungkahi ni Finegan. Samantalang ang Talahanayan 2 naman ay ang bahagi na kung saan kinakikitaan ng pangunahing mensahe at tema sa pagbuo ng kahulugan ng mga patalastas. Kung gayon, ang mga katangian na ipinakita sa mga talahanayan ay ang mga kadalasang ginagamit sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino.

Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga morpo-semantika na mga katangian sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino?

Sa bahaging ito ng manuskrito ay nakalimbag ang morpo-semantika na mga katangian sa 51 na mga patalastas. Ang mga patalastas na ito ay ang kadalasang ginamit sa katangian sa masining na paraan. Bukod dito, ang mga katangian ng patalastas na nakalap na kinakikitaan ng mga mensahe at tema ay mula sa awtor na si Finegan (2008) na siyang nagsisilbing hanguan ng korpora ng pananaliksik.

Kaugnay rito, mababanaag na kapag gumagamit ng ibat ibang katangian sa mga patalastas ay nakapagbibigay ito ng panlipunang kahulugan o *social meaning*, pandamdaming kahulugan o *affective meaning*, at lingguwistikong kahulugan o *linguistic meaning* na nagdudulot upang maakit ang makanonood at makababasa nito. Kung kaya sa bawat talahanayan, inihaharap dito ang mga morpo-semantika na mga katangian ng mga patalastas na sinuportahan at nakabatay sa teoryang ginamit upang maging mabisa at makatotohanan ang paglalahad ng pananaliksik.

Ilalahad sa Talahanayan kung ano-ano ang mga morpo-semantika na mga katangian sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino na nakapaloob sa 50+1 na patalastas at pati na rin ang pangunahing ideya ng mga nakalap na bahagi ng patalastas ayon sa katangian nito. Ang mga proseso ayon sa katangian sa pag buo ng salita sa mga patalastas na natagpuan sa makata ay ang sumusunod: (1) tambalan ng mga salita, (2) paggamit ng inisyal, (3) panghihiram, (4) pagbabaliktad, (5) pagpapalit kahulugan, (6) pagdaragdag,

(7) paglikha ng bagong salita, (8) pagbibigay ng kahulugan, (9) reduplikasyon, (10) paghahalo ng pantig, at panghuli (11) maraming proseso o kumbinasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Binibigyang pagpapalawig ng bahaging ito ang isang paraan sa pagsusuri, ang pagsusuring tambalan ng mga salita na nagsilbing batayang istratehiya ng isang awtor upang masuri ang mga morpo-semantika ng mga katangian na mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino.

Nakalahad sa talahanayan 1.1 ang halimbawa ng paggamit ng tambalan ng mga saklita na proseso sa pagsusuri kung saan ang mga patalastas ay sinuri ang mga salita. Mababanaag na ang kaisipang ito sa salita na: "takam-bango at takam-sarap" "sarapiness." Sa bahaging ito bilang prosesong morpolohikal ay ang compounding o pagsasama ng dalawang salita na may pinag-isang kahulugan at ito ay nangyari sa maraming wika upang mas madaling matandaan

Talahanayan 1.1 Tambalan ng mga salita

Morpo-semantika na mga katangian	Patalastas	Pagsusuri
Tambalan ng mga Salita	•"*takam-bango" at "takam-sarap" "sarapiness"* ***(PT_09)*** • "apaw-sangkap" "apaw-sarap" **(PT_41)** -alat" **(PT_13)**	Ang unang proseso ng pagsusuri ay ang tambalan ng mga salitang takam-bango at takam-sarap, na pinagsasama ang "takam" (pagkahilig sa pagkain) at "bango" (amoy) o "sarap" (lasa). Kasama rito ang "sarapiness," isang halimbawa ng pagsasama ng "sarap" at suffix na "-iness." • Ang "apaw-sangkap" ay tambalan ng "apaw" at "sangkap," na nagpapakita ng sobra o kasaganaan ng mga sangkap. Samantalang ang "apaw-sarap" ay nagpapakita ng kasaganahan hindi lamang sa sangkap kundi pati sa lasa ng halo-halo. • Ang "Tamis-alat" ay tambalan ng "tamis" at "alat," na naglalarawan ng balanseng lasa ng tamis at alat sa mga pagkain, tulad ng gulay.
Paggamit ng Inisyal	"*LBC"* ***(PT_06)*** • *"CDO"* ***(PT_27)*** "TGP" **(PT_29)**	Sa pagsusuri, ang pangalawang proseso ay ang paggamit ng mga inisyal tulad ng "LBC" para sa "Luzon Brokerage Corporation," isang kilalang kumpanya sa Pilipinas na may serbisyo sa remittance at courier. Ang paggamit ng "CDO" sa kanta at voice-over ay nagpapakita ng paggamit ng inisyal upang agad makilala ang brand na kilala sa mga mamimili bilang tatak ng pagkain. Ang "TGP" naman para sa The Generic Pharmacy ay isang paraan ng pagpapadali at pagpapabilis ng komunikasyon gamit ang acronym, na mas madaling tandaan at gamitin sa mga patalastas at iba pang paraan ng pagpapahayag.
Panghihiram	• "s*ports car"* ***(PT_01)*** *"Burger"* ***(PT_08)*** **Corneto** • *"crush"* ***(PT_49)***	Halimbawa ng panghihiram, ang "sports car" ay direktang hiniram mula sa Ingles at tumutukoy sa mabilis at stylish na sasakyan, na walang katumbas sa Filipino kaya ginagamit ito sa orihinal na anyo. • Ang "burger," isang banyagang salita, ay naging bahagi ng Filipino dahil sa globalisasyon at paglaganap ng mga western food chains tulad ng McDonald's. • Ang salitang "crush" ay isang hiram mula sa Ingles na ginagamit sa Filipino upang ipahayag ang paghanga o pagkagusto, na madaling maintindihan ng kabataan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pagbabaliktad	• *"Hu u po"?* ***(PT_02)*** • *"dahil" o "kaso"* ***(PT_24)*** • *"pero" o "kaya"* ***(PT_28)***	Ang pang-apat na proseso ay ang pagbabaliktad, tulad ng "Hu u" na hango sa "Who you?", isang kaswal na paraan ng paglalandi na paborito ng kabataan, karaniwang ginagamit sa text o chat, at isinalin sa Filipino. • Nangyayari ang pagbabaliktad kapag ang inaasahan ay kabaligtaran ng nangyari. Halimbawa, inaasahan na maipit ang lalaki at hindi makakain, pero dahil sa kanyang kabutihang-loob, lumitaw ang mga diwata at humingi ng Fita, na nagbigay ng magandang karanasan. • Halimbawa ng pagbabaliktad ay ang paggamit ng "pero" o "kaya." Inaasahan ang seryosong pag-uusap tungkol sa pagiging ampon ng anak, ngunit nauwi ito sa isang komedyang eksena, na nagpapakita ng kakaibang paglalagay ng diwa sa kwento at pagpapakilala ng produkto.
Pagpapalit Kahulugan	• *"Ang nagpapasarap ng feelings ko, pamilya ko at rebisco!" "Magkakaiba pero iisa" "Ang sarap ng feeling ko"* ***(PT_23)*** • *"ginabi ka pala sa project mo"* **(PT_18)** "pinabisang linis" "mas linis" **(PT_22)**	Ang panglimang proseso ng pagsusuri ay pagpapalit-kahulugan, tulad ng sa "Ang nagpapasarap ng feelings ko, pamilya ko at Rebisco!" kung saan ang "masarap" na karaniwang nauugnay sa pagkain ay ginamit upang ilarawan ang positibong emosyon na dulot ng pamilya at Rebisco. Gayundin, ang "magkakaiba pero iisa" ay nagpapakita ng pagkakaisa sa pagmamahal sa Rebisco. • Sa unang patalastas, ang "ginabi ka pala sa project mo" ay nagpapakita ng pagbabago mula sa pagiging batang pasaway patungo sa batang masipag na may proyekto. • Ang "pinabisang linis" at "mas linis" ay nagpapalit ng kahulugan ng paglilinis patungo sa mas epektibong paglilinis, na ginagamit upang ipakita ang bisa ng Surf detergent.
Pagdaragdag	• *"Downy Antibac"* ***(PT_10)*** • "*Bes*" **(PT_11)** **Surf** "New Surf Active Clean technology! Mas magaling magpaputi, magtanggal kulob at mas pinabango pa. sing galing ng mamahaling laba pero di mamahalin, 5.50 pesos lang! New Surf Active clean! "(PT_51)	Ang proseso ng pagdagdag ng "antibacterial protection" sa Downy ay nagpapakita ng kakayahan nitong magbigay ng proteksyon laban sa germs at amoy, bukod pa sa pagpapabango at pagpapalambot ng tela. • Ang paggamit ng "bes" sa patalastas ay isang pagdaragdag ng bagong anyo ng salita mula sa pinaikling "best friend," na nagbibigay ng mas personal at emosyonal na tono sa usapan. • Ang voice-over ay nagdaragdag ng espesipikong benepisyo ng produkto, tulad ng "New Surf Active Clean," na nagpapakita ng kakayahang magpaputi, magtanggal ng kulob, at magbigay ng mas magandang amoy sa abot-kayang presyo.
Paglikha ng Bagong Salita	*"Boogsh!" "Chi-boogsh!" "pindot-pindot" "hatid-hatid"* ***(PT_26)***	• Ang pang-anim na proseso ay ang paglikha ng bagong salita tulad ng "Chi-boogsh," na pinagsama ang "chicken" at "boogsh" (onomatopeya ng malakas na tunog), na tumutukoy sa masarap na kagat ng chicken McDo. Halimbawa rin ang "pindot-pindot" at "hatid-hatid," na binago mula sa "pindot" at "hatid" upang magbigay ng mas masiglang tono at tukuyin ang McDonald's app at McDelivery.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	• *"Nissin choco waffer" at "Nissin double choco" "Team choco waffer" at "Team double choco"* ***(PT_39)*** • *"hangin fection"* ***(PT_33)***	• Ginamit ang "Nissin choco wafer" at "Nissin double choco" upang ipakilala ang mga produkto, pati na ang "Team choco wafer" at "Team double choco" upang ipakita ang kanilang pagkakapareho at magandang kalidad. • Ang "hanginfection" ay kombinasyon ng "hangin" at "infection," na nagpapahayag ng partikular na paraan ng pagkalat ng impeksyon, sa halip na gumamit ng pangkaraniwang termino tulad ng "airborne infection."
Pagbibigay ng Kahulugan	• *"Para sa anak. Para sa kaibigan, o sa hindi mo kakilala? o sa isip bata, para sa marami, o para sa sarili?"Dahil pag tinutulungan mong bumangon ang isang tao, parang buong bayan na rin ang bumabangon"* ***(PT_15)*** • "*Matibay ang katawan" "Matibay ang isipan" "Matibay ang kalooban"* **(PT_14)** • "*matibay sa eskuwela, matibay sa buhay"* **(PT_16)**	Ang pagsusuri ay nagpapakita ng mga dahilan kung bakit tayo bumabangon tuwing umaga, tulad ng para sa pamilya, kaibigan, o sarili. Ipinapakita ng patalastas na ang pagtulong sa iba ay may epekto sa buong komunidad, na parang ang buong bayan ay bumangon kapag tinutulungan mo ang isa. Ang salitang "matibay" ay may iba't ibang kahulugan, tulad ng pagiging malakas ang katawan, isipan, at kalooban. Sa kontekstong ito, binibigyan ito ng mas malalim na kahulugan na hindi lamang tumutukoy sa pisikal na lakas, kundi pati na rin sa emosyonal at mental na katatagan. Ang salitang "matibay" ay hindi lamang nauugnay sa pisikal na lakas, kundi pati na rin sa kabuuang katangian ng isang bata, kabilang ang emosyonal, mental, at moral na aspeto.
Reduplikasyon	•*"Isa pa, isa pang Chickenjoy!"* ***(PT_20)*** • "*I hate me*" **(PT_30)** • "Coke ko to" **(PT_36)**	Ang pagsusuri ay tumatalakay sa proseso ng reduplikasyon, kung saan inuulit ang mga salitang "Isa pa, isa pang Chickenjoy!" ng mga karakter sa patalastas, na nagpapakita ng patuloy na pagnanais ng higit pang Chickenjoy mula sa Jollibee. Ang "I hate me" ay isang halimbawa ng reduplikasyon dahil inuulit ito ng lalaki upang ipakita ang matinding panghihinayang at pagsisisi. Sa pamamagitan ng pag-ulit, pinapalakas ng karakter ang kanyang emosyon at ipinapakita ang lalim ng kanyang pagdadalamhati. Ang "Coke ko to" ay kabilang sa reduplikasyon dahil sa paulit-ulit na paggamit ng mga karakter upang ipakita ang kanilang pagmamalaki at determinasyon na makuha ang kanilang Coca-Cola.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Paghahalong Pantig	• *"May barako coffee, brown sugar come on!" Sisigla ka sa coffee na ito"* ***(PT_40)***	Ang pagsusuri ay tumatalakay sa proseso ng paghahalo ng pantig, tulad ng "May barako coffee, brown sugar come on!" Ang kombinasyon ng "barako coffee" at "brown sugar come on" ay nagdadala ng ritmo at kasiglahan sa patalastas, na nag-eengganyo sa mga tagapakinig na subukan ang bagong timpla ng kape at maranasan ang kasiglahan mula rito.
	• *"Oyy" "Yup"* ***(PT_04)***	Ang mga salitang "Oyy" at "Yup," pati na rin ang mga pamilyar na produkto tulad ng Lucky Me Pancit Canton, ay nagpapahayag ng karanasan at koneksyon sa mga manonood. Ginagamit ito upang magbigay-diin sa pagiging totoo ng eksena at makisalamuha sa mga ordinaryong tao.
	• *"hi" "Shh!"* ***(PT_19***	Ang "Hi" at "Shh!" ay mga simpleng pahayag na nagpapakita ng tono sa usapan. Ang "Shh" ay nagpapahiwatig ng pagpapatahimik, habang ang "Hi" ay isang karaniwang pagbati.
Maraming Proseso o Kumbinasyon	• *"kung may RiteMed ba nito? "Ang RiteMed ay premium na gamot na kayang bilhin" "Dahil gusto namin na gumaling kayo"* ***(PT_31)***	Ang pagsusuri ay tumatalakay sa proseso ng pagsaliksik, pagtatanong, pagpili, at pagbili na isinasagawa ng mga tao.
	•*"muling pagkikita", "relasyon", "modernong teknolohiya", at "sama-samang pagkain"* ***(PT_37)***	Ang kombinasyon ng mga proseso tulad ng "muling pagkikita," "relasyon," "modernong teknolohiya," at "sama-samang pagkain" ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa patalastas, ipinapakita nito kung paano nag-uugnay-ugnay ang iba't ibang aspeto ng buhay upang lumikha ng isang kwentong nakakaugnay sa mga manonood.
	• "Yes boss!" **"**Protest the roof that protests you" **(PT_07)**	Ang mga linya tulad ng "Yes boss!" at "Yes! Boss!" ay nagpapakita ng pagtanggap sa mga utos mula sa isang awtoridad. Sa pagtatapos ng patalastas, ipinapakilala ang Boysen Roof Gard, isang produktong nagpoprotekta sa bubong, na may kasamang linyang "Protect the roof that protects you," na binibigyang-diin ang kakayahan ng produkto sa pagpaprotekta laban sa mga problema sa bubong.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 2.2 Kahulugang Panlipunan o *Social Meaning*

Morpo-semantika na mga katangian	Patalastas	Pagsusuri
Kahulugang Panlipunan o *Social Meaning*	• "kaya gusto mo lang naman ay mag chill **(PT_35)** • *"Dun tay o sa busog sarap"* **(PT_46).** • "Uso ang sakit pag may sakit, bagsak ang immunity, at balik sa fully loaded ang inyong immunity **(PT_48).** •"Umaga, hanggang gabi, ligo lang? kulang!" **(PT_25).** • "Kahit patuyuin sa loob, pat kulob stains tanggal! Kaya walang amoy kulog" **(PT_47).**	• Ipinapakita ng patalastas ng Sprite na ito ay epektibong inumin para mag-refresh at mag-cool down sa mga oras ng init, stress, at pagkapagod. • Ang patalastas ng Mang Inasal ay nagpapakita ng masarap at sulit na pagkain, tulad ng 2-in-1 Chicken Inasal na ₱99, na nagbibigay kasiyahan at kabusugan sa bawat pagkain. • Ipinapakita ng patalastas ng Celin Plus na ito ay isang epektibong suplemento para mapalakas ang immune system at protektahan ang kalusugan. • Ang patalastas ng Rexona ay nagpapakita na nagbibigay ito ng mas matinding proteksyon laban sa amoy ng katawan kumpara sa pagligo lamang. • Ipinapakita ng patalastas ng Ariel ang pagiging mabisang detergent nito na nag-aalis ng mantsa at amoy kahit sa hindi magandang kondisyon ng pagpapatuyo.
Pandamdaming Kahulugan o *Affective Meaning*	•."tama na yung sobrang tapang at sobrang sweet" "tamang timpla" **(PT_12).** •"study buddy" "Laban, Tama!" at "Wag kang mapapagod**"** **(PT_34).**	• Ipinapakita ng patalastas ng Great Taste White ang perpektong balanse ng tapang, tamis, at creaminess, ayon kay Kathryn Bernardo. • Ang Lucky Me Pancit Canton ay nagsisilbing "study buddy" na nagbibigay ng suporta at inspirasyon sa mga mag-aaral sa kabila ng pagod. • Binibigyang-diin ng patalastas ng Mang Juan Chicharon ang kakaibang klasikong lasa nito na magugustuhan ng mga tao, na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	•"Ibang Klasik ang sarap" "Sa wakas! nandito na ang klasik!" **(PT_50)**. •"Break barriers and welcome change" **(PT_38).** • ***"****Walang cash? Pay online! Mag McDo Delivery!"* **(PT_45).**	nagdudulot ng excitement para sa bagong produkto. • Ipinapakita ng patalastas ang kahalagahan ng pagtanggap sa pagbabago at walang kondisyon na pag-ibig sa pamilya. • Sa McDonald's, maaari pa ring mag-order kahit walang cash gamit ang online payment at delivery, na nagpapakita ng kaginhawahan at accessibility.

DISKUSYON

Sa kabanatang ito, ilalahad ang diskusyon at konklusyon hinggil sa resulta ng diskursong pagsusuri sa mga morpo-semantika na katangian na mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Malinaw din na ilalatag ng pag-aaral na ito ang konklusyon at implikasyon para sa panghinaharap na pananaliksik na nakabatay sa mga nabuong resulta sa panahon ng pag-aaral. Inilalahad

Mga Proseso sa Pagbuo ng mga Salita na Ginamit sa Patalastas

Tambalan ng mga Salita

Alinsunod dito, iminungkahi niya ang labin-isang uri ng proseso ng pagbuo ng salita, ito ay; (1) tambalan ng mga salita, (2) paggamit ng inisyal, (3) panghihiram, (4) pagbabaliktad, (5) pagpapalit kahulugan, (6) pagdaragdag, (7) paglikha ng bagong salita, (8) pagbibigay ng kahulugan, (9) reduplikasyon, (10) paghahalo ng pantig, at panghuli (11) maraming proseso o kumbinasyon.

Ang unang proseso ng pagbuo ng salita na itinuturing din bilang prosesong morpolohikal ay ang compounding o pagsasama ng dalawang salita na may pinag-isang kahulugan at ito ay nangyari sa maraming wika. Halimbawa agaw-buhay, anak-pawis, buntong-hininga at iba pa.

Ang tambalang salita ay isang proseso ng pagbuo ng salita na bumubuo ng bagong salita mula sa dalawa o higit pang malalayang salita. Ang mga salitang bahagi ng tambalan ay maaaring mga malalayang morpema (Fromkin & Rodman, 1998).

Dagdag pa, ang mga morpema ay maaaring malaya, nakakabit, o *null*. Ang malalayang morpema ay kayang tumayo bilang salita (halimbawa, "libro" at "kotse"), habang ang null morpema ay walang phonemic content, tulad ng plural sa "usa" at "tupa" (Srijono, 2010).

Gayunpaman, ang tambalang salita sa Ingles ay maaaring binuo mula sa mga bahagi ng pananalitang tulad ng pangngalan, pandiwa, pang-uri, at pang-abay. Karaniwan, may hindi bababa sa dalawang base mula sa mga kategoryang ito upang makabuo ng tambalang salita (Katamba, 1993).

Bukod pa rito, sinuri ang tambalang salita sa Psycholinguistics Manual, at natukoy ang tatlong uri nito: tambalang pangngalan, tambalang pandiwa, at tambalang pang-uri. Ang bawat isa ay may natatanging gamit bilang mga *keyword* o pangunahing bahagi ng pananalita (Wibowo, 2014).

Higit pa rito, ang tambalang salita ay ginagamit sa lahat ng pangunahing kategorya ng bahagi ng pananalita at madalas makita sa media. Mahalaga ang pag-unawa sa tambalang salita upang masuri ang paggamit nito sa mga Ingles na anunsiyo (Carstairs-McCarthy, 2002).

Paggamit ng Inisyal

Ang mga akronim ay nagiging mas epektibo kapag madaling bigkasin at parang totoong salita, sa halip na mahirap-bigkasing kombinasyon ng mga katinig. Ang ilang sanggunian ay naglalarawan ng akronim bilang mga salitang maaaring bigkasin nang buo, tulad ng ABRACADABRA para sa isang aklat ng mga daglat (Yadin et al., 2020).

Bukod pa rito, ang mga akronim tulad ng IKEA, NATO, at NASA ay hindi lamang pinaikling bersyon ng mga pangalan ng organisasyon, kundi epektibo rin dahil madaling bigkasin. Ang ibang akronim, tulad ng MADD at CARE, ay nagdadala ng karagdagang kahulugan, habang ang iba naman ay ginagamit dahil lamang maganda ang tunog nito (Miller, 2019).

Sa kabuoan, ang paggamit ng akronim ay karaniwang hindi magandang desisyon maliban na lamang kung sa mga piling kaso. Ang kaso ng FYROM, ang opisyal na internasyonal na pangalan ng isang bansang Europeo sa loob ng maraming taon, ay nagpapakita nito. Ang FYROM ay nangangahulugang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Former Yugoslav Republic of Macedonia, na ginamit dahil sa presyon mula sa Greece, na iginiit na ang pangalan ng Macedonia ay bahagi ng kanilang teritoryo sa katimugang bahagi nito. Bukod dito, ang pangalan ay may malaking simbolikong halaga dahil nauugnay ito kay Alexander the Great, na mahalaga rin para sa turismo at pagkakakilanlan. Dahil dito, ang FYROM ay kinailangang gamitin ng Macedonia sa mahabang panahon hanggang sa napalitan ito ng mas angkop na pangalang North Macedonia sa kasunduan sa Greece (Kovács, 2019).

Dagdag pa, ang mga tatak sa iba't ibang industriya tulad ng FIAT, SAAB, at ASICS ay gumagamit ng mga akronim na madaling tandaan at may kahulugan. Ang FUBU ay may natatanging kahulugan at slogan, habang ang FYROM ay pinalitan ng mas angkop na pangalan, North Macedonia (Kovács, 2019).

Gayunpaman, ang kasunduan sa pagitan ng Greece at Macedonia na palitan ang pangalan ng bansa sa North Macedonia ay isang positibong hakbang. Gayundin, ang muling pagba-brand ng Wilsdorf at Davis mula W&D patungong Rolex ay naging susi sa kanilang tagumpay sa merkado ng luxury (Wilsdorf & Davis, 2018).

Panghihiram

Ang pagsasalin ay isa sa pinakasimple sa iba't ibang pamamaraan ng pagsasalin. Ang tagasalin ay madalas na direktang kinokopya ang istruktura ng orihinal na wika patungo sa target na wika, tulad ng sa mga tamang pangalan, tatak, at pangalan ng tao o kumpanya (Dekker, 2014).

Dagdag pa, maraming hiram na salitang Ingles ang natural na naangkop sa ibang wika at nagdadala ng mga bagong ideya. Sinuri ang mga aspeto ng pantig, tunog, at tono, at natuklasan na mahalaga ang mga ito para ilarawan ang mga bagong konsepto at ginagamit sa mga magasin, website, at aklat upang mapadali ang komunikasyon (Hender, 1951).

Bukod dito, ang mga hiram na salita ay maaring uriin ayon sa iba't ibang pamamaraan, kabilang ang loan translation o calque sa pagsasalin, at *loanword*, *alien word*, *foreign word*, *at borrowing* mula sa pananaw ng lingguwistika (Rogoyska et al., 2016).

Samantala, ang *loanword* ay isang salita mula sa ibang wika na hiniram nang hindi binabago ang anyo, bigkas, o kahulugan nito. Sa wikang Malay, ang loanword ay kilala bilang kata pinjaman, at ang Anglicism bilang keinggerisan. Ang loanword ay tumutukoy sa mga salitang Ingles na isinama sa bokabularyo ng ibang wika, habang ang Anglicism ay sumasaklaw hindi lamang sa mga salita kundi pati na rin sa mga ideya, bagay, at konsepto na integral sa kulturang Ingles (Haugen, 1972).

Higit pa rito, ang pag-aaral ay nagpapakita ng pagtanggap sa mga hiram na salita sa konteksto ng mga magasin sa Romania. Ang Ingles ay itinuturing na prestihiyosong wika, at ang prestihiyo nito ay nagpapalakas sa paggamit ng mga hiram na salita sa pag-aanunsiyo. Bukod dito, may iba pang salik tulad ng lingguwistikong pag-aangkop at paglikha ng mga bagong salita na nagdadagdag ng halaga sa mga hiram na salita (Pop & Sim's, 2015; Rodríguez-Medina, 2016).

Gayunpaman, ipinapakita ng pag-aaral na ang Ingles, bilang prestihiyosong wika, ay nagpapalakas sa paggamit ng mga hiram na salita sa mga magasin sa Romania, at ang lingguwistikong pag-aangkop at paglikha ng bagong mga salita ay nagpapahalaga sa mga ito (Pop & Sim's, 2015; Rodríguez-Medina, 2016).

Bukod pa rito, sa pagsasalin ng mga *fast-food advertisement* mula Ingles patungong Arabic, madalas gamitin ang paghihiram at transliteration, ngunit nagiging mahirap maunawaan ang mensahe dahil ang ilang konsepto ay hindi angkop sa kulturang Arabic (Basem, 2006). Sa pagsusuri ng mga *advertisement* na isinalin mula Ingles patungong Russian, natuklasan na ang mga banyagang elemento at estilo ng Ingles ay hindi angkop sa Russian, kaya't hindi natural ang mga isinaling bersyon (Smith, 2002).

Higit pa rito, sa mga hiram na salita sa media, kabilang ang advertisement at pahayagan, ang malawakang paggamit ng mga ito. Nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa pagsasalin ng mga *advertisement*, kung saan ang tagasalin ay kailangang magpili ng angkop na pamamaraan upang hikayatin ang mga mamimili, ngunit kulang pa ang impormasyon tungkol sa mga uri ng hiram na salita at mga pamamaraan sa pagsasalin ng *print advertisements* (Molotkina, 2017).

Pagbabaliktad

Noong kalagitnaan ng 1970s, sina Drs. K.C.T. Smith at Michael Apter ay nagpanukala ng reversal theory upang ipaliwanag ang istruktura ng kaisipan. Ang teoryang ito ay nauugnay sa motibasyon, damdamin, at personalidad (Apter, 2007). Sa dekada 1980s, lalo pang pinalawig ni Apter ang teorya, na nagbigay-daan sa mas malawak na interes mula sa iba't ibang larangan, tulad ng sikolohiya, marketing, at advertising (Davis, 2009).

Gayunpaman, pinanatili ng mga iskolar ng marketing ang kaugnayan nito sa kanilang disiplina. Tinututulan ni Apter ang pananaw na nananatiling matatag ang motibasyon ng mga tao, sa halip ay binibigyang-diin niya ang pagbabago nito sa pagitan ng dalawang magkasalungat na estado. Halimbawa, maaaring maging seryoso ang tao sa ilang pagkakataon, ngunit maging mapaglaro sa iba. Ang mga tao ay minsang nakatuon sa pagbawas ng tensyon upang makamit ang mga layunin, ngunit sa ibang pagkakataon, ang kanilang pagkilos ay hinihimok ng kasiyahan sa kasalukuyan (Davis, 2009).

Sa madaling salita, ipinapakita ng teorya na ang parehong karanasan ay maaaring tanggapin nang magkakaiba depende sa estado ng indibidwal. Tinatawag ang mga estadong ito na metamotivational states, na may apat na magkasalungat na pares: telic at paratelic (layunin), konformista at negativistiko (mga patakaran), mastery at simpatya (transaksyon), at autic at alloic (ugnayan). Ang bawat pares ay nagpapakita ng kakaibang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pananaw sa mundo. Sa mga ito, ang telic at paratelic states ang madalas pagtuunan ng pag-aaral, lalo na sa konteksto ng pag-uugali ng mga mamimili sa digital na espasyo (Apter, 2015).

Pagpapalit Kahulugan

Ayon sa isang linggwista, nagbabago ang kahulugan ng mga salita sa paglipas ng panahon. Halimbawa, ang salitang "bead" na dating tumutukoy sa relihiyosong paggamit ay kalaunan naging "maliit na bola" na ginagamit bilang alahas (Liberman, 2013; Stern, 1931).

Bukod pa rito, ang mga salita ay maaaring magkaroon ng positibo (amelioration) o negatibong (pejoration) pagbabago sa kahulugan. Halimbawa, ang "nice" na dating nangangahulugang mangmang ay ngayon nangangahulugang mabait, habang ang "silly" na dating masaya ay ngayon nangangahulugang hangal (Traugott & Dasher, 2002; Steinmetz, 2008).

Higit pa rito, Ang kahulugan ng mga salita ay maaaring magkitid (restriction) o lumawak (expansion). Halimbawa, ang "deer" na dating tumutukoy sa anumang hayop ay naging partikular na lamang sa isang uri, habang ang "arrive," na orihinal na nangangahulugang maabot ang baybayin, ay ngayon tumutukoy sa anumang destinasyon (Traugott & Dasher, 2005).

Sa kabilang banda, ang mga salita ay nagiging polysemous o nagkakaroon ng maraming kahulugan habang dahan-dahang nagbabago ang kahulugan nito sa mahabang panahon. Ang prosesong ito ay ipinaliwanag bilang bahagi ng "cycle of genesis and disappearance of lexical polysemy," kung saan mas madaling magbago ang kahulugan ng salitang may maraming ibig sabihin (Juvonen et al., 2016; Koch, 2016).

Pagdaragdag

Ang UniMorph project ay naglalayong standardisahin ang morpolohikal na anotasyon ng mga wika para sa mas madaling paghahambing at pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng linggwistika at NLP systems. Ang "Universal Morphology (UniMorph) Schema: Version 3" ay isang mahalagang kontribusyon sa larangan ng linggwistika at computational linguistics upang gawing mas sistematiko ang pag-aaral ng morpolohiya sa iba't ibang wika (Zeman et al., 2020).

Ayon rin sa kanila ang sistemang ito ay gumagamit ng UIMA upang kunin ang mahalagang impormasyon mula sa mga hindi nakaayos na klinikal na teksto. Layunin nitong mapabuti ang pagproseso ng medikal na datos tulad ng mga tala ng doktor at *radiology reports*, at mapataas ang kalidad ng pangangalagang medikal (Savova et al., 2021).

Bukod pa rito, ang akdang ito ay isang komprehensibong pagsusuri ng mga proseso ng pagbuo ng salita sa Ingles. Ang updated na edisyon ay naglalaman ng mas detalyadong talakayan at bagong mga halimbawa ng morpolohikal na estruktura at mekanismo sa Ingles (Plag et al., 2022).

Higit sa lahat, ang aklat na ito ay nag-aaral ng mga komplikadong aspeto ng morpolohiya sa mga wika, tinatalakay ang iba't ibang morpolohikal na proseso at kanilang mga kahalintulad na komplikasyon. Ito ay nagbibigay ng malalim na pagsusuri upang mas maunawaan ang mga aspeto ng pagbuo ng salita sa iba't ibang wika (Baerman et al., 2023).

Dagdag pa rito ang aklat na ito ay naglalaman ng mga bagong diskusyon sa mga kontemporaryong isyu sa teorya ng morpolohiya, kasama na ang mga proseso ng pagdaragdag at iba pang mekanismo ng pagbuo ng salita. Ipinakikita nito ang kahalagahan ng patuloy na pag-aaral sa mga isyu at hamon sa larangan ng morpolohiya upang mapabuti ang teorya at pagsasaliksik sa wika (Simpson et al., 2024).

Paglikha ng Bagong Salita

Nakakagulat na kanyang iniuugnay ang morpolohiya bilang isang transformational word (TGT) na tumatalakay sa internal na istruktura ng mga salita, partikular ang mga komplikadong salita. Sa pagbuo ng mga bagong salita, ang mga gumagamit ng wika ay nag-iimbento ng mga salitang bago gamit ang iba't ibang proseso ng pagbuo ng salita (Nordquist, 2020).

Dagdag pa nitya, ang pagbuo ng salita ay tumutukoy sa lahat ng mga proseso na konektado sa pagbabago ng anyo ng mga salita. Kabilang dito ang blending, compounding, borrowing, coinage, acronym, initialization, inflection, derivation, clipping, back-formation, onomatopoeia, at cliticization (Wisniewski, 2007).

Bukod pa rito, ang pagbuo ng salita ay mahalaga sa pagpapayaman ng bokabularyo at pagbabago ng anyo ng mga salita, na may epekto sa mga trend sa komunikasyon at industriya. Isang halimbawa ay ang online advertisement, na patuloy na lumalago gamit ang morpolohiya upang makuha ang atensyon ng mga mamimili (Riryn at Anggrain, 2019).

Higit pa rito, ipinapakita ng ugnayan ng komunikasyon at online advertisement ang kahalagahan ng pag-aaral ng pagbuo ng salita sa mga online ads upang maunawaan ang dinamika ng wika sa digital na platform at kung paano ginagamit ng mga tao ang kanilang smartphones upang kumuha ng impormasyon (Sari, 2018).

Pagbibigay ng Kahulugan

Ayon sa kanila, ang semantika ay tumutukoy sa kakayahan ng isip na magbigay ng tamang kahulugan sa mga salita o parirala, at isang mahalagang bahagi ng wika na konektado sa iba’t ibang aspeto ng komunikasyon ng tao. Sa semantika, nauunawaan natin kung ano ang ibig iparating ng isang pangungusap sa pamamagitan ng mga salita at ekspresyon (Odoemenam et al., 2017).

Kasama dito, mahalaga ang semantika sa pagsusuri ng wika sa advertising dahil ginagamit ang mga salitang may nakatagong kahulugan, imbentadong salita, at iba pang teknik tulad ng puns at metaphors upang makuha ang atensyon at maiparating ang mensahe sa mga manonood (Noor et al., 2015).

Bilang karagdagan, ang maling paggamit ng mga parirala ay maaaring magbago ng kahulugan ng isang advertisement.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Mahalaga ang tumpak na wika sa advertising upang maiparating ang tamang mensahe, kabilang ang dalawang uri ng kahulugan: literal at emosyonal, upang matiyak ang epektibong komunikasyon. Ang *advertising* ng Maltina ay gumagamit ng mga salitang tulad ng "pagkain" at "para sa buhay" upang iparating na ang Maltina ay isang inumin para sa lahat, hindi lamang sa kabataan, at ito ay isang malusog na inumin na may mahahalagang nutrisyon (Emodi, 2011).

Reduplikasyon

Ayon kay Okoro (2000), sa pagtutol kay Arokoyo (2006) isang mahalagang proseso sa Nigerian English dahil sa kakulangan sa wika, na nagsasangkot ng pag-uulit ng mga salita o bahagi ng salita nang walang karagdagang kahulugan. Itinuturing ito bilang isang pamantayang morpolohikal na proseso sa iba't ibang wika na tumutukoy sa paggawa ng mga bagong salita sa pamamagitan ng pag-uulit.

Bukod pa rito, ipinakita ng mga natuklasan na may dalawang uri ng reduplication sa Palembang: produktibong reduplication (buo at affixation) at fossilized reduplication (partial at rhyming). Ipinakita rin ng pananaliksik ang mga natatanging gamit ng reduplication sa Palembang na hindi matatagpuan sa Malay at Indonesian, tulad ng mga tanong at negators (Alsamadani & Taibah, 2019).

Sa kabilang dako, ang *reduplication* ay isang karaniwang proseso sa morpolohiya na ginagamit sa infleksyon upang ipakita ang *grammatical function* sa maraming wika. Ipinapakita ng mga halimbawa tulad ng Pingelapese, Malay, Yoruba, at Igbo na ginagamit ang reduplication upang magpahayag ng mga partikular na kahulugan at ito ay bahagi ng mas malawak na pag-aaral sa linggwistika (Klamer & Saad, 2020).

Higit pa rito, ang *reduplicative construct* ay sumasaklaw sa mga kahulugan na ginagawa ng mga hindi *reduplicated* na kapareha at mga bagay na hindi nila ginagawa. May dalawang pangunahing uri ng reduplication: buong reduplication (pag-uulit ng buong estruktura) at parsyal na *reduplication* (kaunting pagbabago sa isang salita). Ang syntactic reduplication ay bihirang mangyari at may *grammatical constraints* (Keevallik et al., 2020).

Paghahalo ng Pantig

Ang relasyon ng bokabularyo, morpolohiya, at ponolohiya sa mga komersyal sa Tanzanian Swahili. Ipinakita na marami sa mga salitang Ingles ay ginamit at ilan ay na-angkop na sa morpolohiya ng Swahili, habang ang iba ay hindi nagbago. Ang mga pagbabago sa morpolohiya ay may epekto sa interpretasyon ng mga salita sa mga komersyal (Lusekelo, 2010).

Kasama dito, sinuri ni Masithoh ang mga pangalan ng menu sa isang restawran at natuklasan na ang mga ito ay nabuo sa pamamagitan ng iba't ibang proseso tulad ng compounding, derivation, inflection, acronym, blending, at iba pa (Masithoh, 2014).

Bukod pa rito, ang mga *brand* ng *snack* at inumin sa Yogyakarta at natuklasan na ang blending (paghalo ng mga bahagi ng mga salita) ay isang karaniwang proseso sa pagbubuo ng mga brand. Ipinakita niya na ang mga blend na ito ay gumagamit ng clipping at iba pang Teknik (Setyowati, 2015).

Higit pa rito, ang *blending* ay proseso ng pagbuo ng bagong lexeme sa pamamagitan ng pagsasanib ng mga bahagi ng dalawang salita. Karaniwan itong ginagamit upang lumikha ng bagong kahulugan mula sa dalawang magkaibang salita (Gries, 2004).

Maraming Proseso o Kumbinasyon

Ang pagsusuri ng mga kombinasyon ng mga salita sa teksto ay maaaring magbigay ng mga posibleng kahulugan. Ang mga proper noun ay may espesyal na porma at madaling makita sa isang teksto (Keyser, 2012).

Dagdag pa rito, ipinakita ng pananaliksik na ang *multilingual word embedding* ay isang paraan upang maunawaan ang semantiko at damdaming impormasyon sa mga wika sa pamamagitan ng pagsasanay sa *vector space*. Ito ay isang mahalagang hakbang sa pagharap sa kakulangan ng mga *multilingual dataset* (Narr et al., 2011)

Bukod pa rito, ayon sa pananaliksik, ang paggamit ng pagbibiro sa patalastas ay nakakatulong sa pagbibigay ng positibong saloobin sa produkto, ngunit ito ay magiging epektibo lamang kung may kaugnayan ang biro sa produkto (Krishnan & Chakravarti, 2003).

Dagdag pa, ipinapakita ng pag-aaral na ang pagbibiro sa mga patalastas ay epektibo lamang sa mga produkto ng mababang kahalagahan, tulad ng mga soft drinks at damit. Para sa mga produktong may mataas na kahalagahan, ang pagbibiro ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa desisyon ng mamimili (Gulas & Weinberger, 2006).

Mga Aspeto Upang Maunawaan ang Kahulugan ng mga Bagong Salitang Lumitaw at ginagamit sa Patalastas

Lingguwistikong Kahulugan o "Linguistic Meaning"

Ipinapaliwanag ng mga may-akda na ang mga kahulugang tinutukoy sa kanilang teksto ay tumutok sa linguistic meaning, na hindi kasama ang mga hindi linggwistikong konsepto ng kahulugan. Halimbawa, ang floating tea stalk ay hindi isang linggwistikong ekspresyon. Sa halip, binibigyan nila ng pansin ang kahulugang nauugnay sa wika, tulad ng paggamit ng mga salitang naglalarawan ng ibig sabihin ng mga tao sa mundo (hal. "*vertical tea stalk*" na simbolo ng swerte) (Anderson et al., 2022).

Dagdag pa rito, ang mga may-akda rin ay nagtalakay sa konsepto ng "imi" o kahulugan bilang layunin ng isang aksyon at ang inaasahang resulta nito. Ngunit binanggit nila na ang ganitong uri ng kahulugan ay hindi ang pokus ng kanilang pag-aaral, na nakatuon sa linguistic meaning (Anderson et al., 2022).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Bukod pa rito, ipinakita nila na ang linggwistikong kahulugan ay tinutukoy ng mga salitang may parehong kahulugan, tulad ng ode'imin (sa Ojibwe) at *strawberry* (sa Ingles), na parehong tumutukoy sa parehong prutas. Ang mga nagsasalita ng dalawang wika ay may kaalaman tungkol sa mga salitang ito na nagpapahintulot sa kanila na makilala at ipahayag kung ano ang tinutukoy ng bawat isa (Anderson et al., 2022).

Kahulugang Panlipunan o "Social Meaning"

Ang pag-aaral na ito, na ang panlipunang kahulugan ay nauugnay sa mga pagkakaiba sa wika, tulad ng diyalekto, istilo (pormal, kolokyal, slang), at iba pang aspeto ng wika tulad ng pagbigkas at intonasyon. Ang halimbawa ng pagkakaiba sa mga synonym ng "mamatay" sa Ingles at Tamil ay nagpapakita ng iba't ibang istilo at panlipunang kahulugan (Leech, 2018).

Ayon sa Cambridge University Press, ang panlipunang kahulugan ay nakatali sa mga panlipunang kalagayan at kultura. Ito ay tumutukoy sa kung paano tinitingnan ng lipunan ang mga bagay at sitwasyon. Tinatawag din itong ekspresibo at istilistikong kahulugan na matatagpuan sa pagitan ng pragmatika at panlipunang distribusyo (Sim Ngezahayo, 2023).

Bukod dito, ipinapakita ng mga may-akda na ang panlipunang kahulugan ay nakabatay sa kung paano ginagamit ang wika sa isang interaksiyon. Halimbawa, ang right dislocation at tag questions ay maaaring magtaglay ng ekspresibo at evaluatib na mga function, na nagpapakita ng kahalagahan ng wika sa pagpapahayag ng mga saloobin at opinion (Lambrecht et al., 2001).

Dagdag pa rito, ang panlipunang kahulugan ay nagmumula sa mga alternatibong gamit ng wika. Halimbawa, ang paggamit ng "these" kaysa sa "these girls" ay may ibang interpretasyon na nagpapakita ng kontrast sa relasyon ng nag-uusap at ang mga kausap (Irvine et al., 2001).

Gayunpaman, ang wika ay may papel sa pagpapahayag ng panlipunang kahulugan, lalo na sa mga relasyon, papel, at istruktura ng kapangyarihan. Sa pakikisalamuha sa mga taong may mas mataas na katayuan, ginagamit ang pormal na wika at mga titulong nagpapakita ng paggalang at pagkilala sa kanilang posisyon (Tenry Colle, 2023).

Pandamdaming Kahulugan o "Affective Meaning"

Ang *affective meaning* ay tumutukoy sa mga damdamin ng tagapagsalita patungkol sa tagapakinig at sa mga pangyayari. Ang isang bagay ay maaaring magkaroon ng iba't ibang kahulugan depende sa nararamdaman ng tagapagsalita. Kapag may limitasyon ang bokabularyo ng tagapagsalita, ang pagsasalin ay nangangailangan ng iba't ibang pamamaraan upang maipahayag nang wasto ang mga damdamin (Sim Ngezahayo, 2023).

Bukod dito, ang *affective meaning* ay bahagi ng konotasyon at nauugnay sa pagpapahayag ng personal na damdamin ng tagapagsalita, kasama na ang saloobin sa tagapakinig o sa paksa. Isinasama dito ang paggamit ng intonasyon at tono ng boses. Halimbawa, sa pagpapababa ng boses ng isang grupo, maaaring gumamit ng pahayag na nagpapakita ng kahilingan sa tamang tono ng boses (Leech, 2018).

Dagdag pa rito, ang *affective meaning* ay nakatali sa emosyonal na ugnayan ng mga salita, tulad ng mga damdamin at sentimyento. Halimbawa, ang salitang "apoy" ay maaaring magdala ng positibong damdamin ng init at kasiyahan o negatibong damdamin ng takot at panganib, depende sa konteksto (Tenry Colle, 2023).

Implikasyon sa Pagtuturo ng Wika

Ang pag-aaral na ito ay isang mahalagang batayang kaalaman na tutulong sa pagpapaunlad ng kurikulum ng edukasyon, partikular na sa pakikibahagi ng mga sangay ng edukasyon gaya ng Departmento ng Edukasyon (DEPED) at Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED) sa pagsugpo sa mga isyung pang-edukasyon at pang-lipunan, kagaya na lamang sa epekto ng maling pagsusuri ng mga tagasuri bilang gamit sa pakikipag-kalakalan.

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa tamang pagsusuri ay mahalaga upang maunawaan ang papel ng mga salita, mga mensahe, at tema, pati na ang morpo-semantikong katangian ng wikang Filipino. Ito ay nagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa patalastas at sa kanilang internasyonal na epekto.

Dagdag pa, mahalaga ang pag-aaral ay mahalaga sa mga guro, dahil binibigyan nito sila ng kasanayan sa tamang pagsusuri, na makikinabang ang mga mag-aaral at makatutulong sa akademiko at sa lipunan, lalo na sa pakikipagkalakalan. Ang mga guro ay may tungkuling ituro ang tamang proseso ng pagsusuri upang hindi mabago ang mensahe ng mga patalastas.

Kaugnay rito, ang pag-aaral ay mahalaga para sa mga mambabasa at manonood, dahil binibigyan nito sila ng mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang kultura at wika. Ang pagkatuto ng tamang pagsusuri ay makakatulong upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan at maling impormasyon.

Mahalaga ang pagsusuri ng mga proseso ng wika sa pagsusuri ng patalastas. Ang mga gabay tulad ng mga balangkas nina Newmark (1988) at Dewey at Pierce (2012) ay tutulong upang matukoy kung angkop ang mga salita sa pinagmulan at target na wika, at makakaiwas sa mga pagkakamali sa pagsasalin at maling impormasyon.

Rekomendasyon para sa Pananaliksik sa Hinaharap

Sa mga hinaharap na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino, kaya maaari pa ring gumawa ng parehong pananaliksik ngunit naiiba na ang gagamiting korpora. Maaari ding sumuklaw ng iba't ibang uri ng korpora na kakitaan ng isang pagsuri.

Dagdag pa, mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagsusuri ng mga morpo-semantikang papel. Partikular na sa pagtaguyod sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagbibigay kamalayan sa bawat indibidwal hinggil sa kahalagahan ng morpo-semantika. Kaakibat na rin dito ang pagsusuri sa mga angkop na paraan sa patalastas na may iba't ibang proseso sa isang salita upang matasa kung ano ang nararapat na malinang sa kasanayan ng mga mag-aaral at mga tagasaling awtor.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa bawat isa. Hindi lang sa benepisyo ng tagasuri kundi ito ay nakakatulong sa karamihan sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-abot ng iba't-ibang mundo gamit ang pagiging maalam sa mga pangunahing mensahe at tema sa mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino.

Konklusyon

Ang pamngunahing layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang mga proseso ng mga salita sa morpo-semantika at ang mensahe ng mga patalastas na gumagamit ng wikang Filipino. Ayon sa mga datos, karamihan sa mga patalastas ay tama ang pagsusuri at nananatili ang mensahe, ngunit may ilan na nagdulot ng pagkawala ng mensahe at tema dahil sa maling paggamit ng morpo-semantika.

Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay hindi naging madali dahil sa kahirapan sa pagkolekta ng mga patalastas at ang kinakailangang masusing pagsusuri upang maiwasan ang pagkakamali. Napagtanto ng may-akda na ang ganitong uri ng pag-aaral ay mahirap at nangangailangan ng mahabang panahon, pagtitiyaga, at determinasyon upang matapos.

Sa puntong ito, hindi maipagkakaila na may malaking implikasyon ang pag-aaral na ito sa kaunlaran ng aking akademikong kapasidad maging sa iba at mas napalawak ang aking kaalaman na magagamit ko hindi lang sa kasalukuyan pati na rin paghahanda sa hinaharap.

TALASANGGUNIAN

1. *Afmed at Ashfaq, 2013 https://www.scribd.com/document/424496017/Epekto-Ng Patalastas*
2. *Aigbedo, C. (2015). Deconstructing myths via humor: A semiotic analysis of Philippine political internet memes. Retrieved from https://www.msuiit.edu.ph/academics/colleges/cass/research/langkit/2016/1-20.pdf*
3. *Akunna, O. (2015). Social media neologisms: A morpho-semantic analysis. Retrieved from http://www.academia.edu/8169243/.*
4. *Arens, 2002 https://www.scribd.com/presentation/482695176/ANG-PAPEL-NG-MIDYA-SA-KOMUNIKASYON*
5. *Arens, 2008 https://www.scribd.com/document/466496346/retorika-at-hikayat-ang-pag-aaral-sa-mga-piling-patalastas-ng-mc-donald-s-fast-food-chain-sa-pilipinas*
6. *Austin, S. (2022). The importance of literature in modern society. findcourses.co.*
7. *https://www.findcourses.co.uk/inspiration/hobby-fun-leisure-articles/the-importance-of-literature-in-modern-society-17411*
8. *Bernritter et al., (2017) – The Dynamics of Persuasion: Communication and Attitudes in the 21st Century. http://journalism.uoregon.edu/~tbivins/stratcomweb/readings/persuasion_def.pdf*
9. *Bhandari P. (2020) What Is Qualitative Research? | Methods & Examples.*
10. *Bista, K. (2015). Factors of code switching among bilingual English students in the university classroom: a survey. Retrieved July 10, 2020 from http://www.espworld.com/Articles_29/Factors.pdf*
11. *Christopher, A. (2013). Rhetorical strategies in advertising: The rise and fall pattern. Academic Journal of Interdisciplinary Studies, 2(8), 773-781. doi: 10.5901/ajis.2013.v2n8p773*
12. *Cliff, H. (2018). Davao Filipino and its literary possibilities. Retrieved from https://academia.edu.documents/37258675/.pd.*
13. *Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry and research design: choosing among five approaches. SAGE.*
14. *Creswell, J.W. and Poth, C.N. (2018) Qualitative Inquiry and Research Design Choosing among Five Approaches. 4th Edition, SAGE Publication Inc., Thousand Oaks.*
15. *Cruz,2015 https://www.academia.edu/64791468/Ang_Epekto_ng_Lokal_na_Patalastas_Gamit_ang_Wikang_Filipino_sa_mga_Mamimili_na_may_Edad_na_Tatlumpu_hanggang_Limampung_Taong_Gulang_sa_Malolos_Bulacan*
16. *Dasher, R., (2015). Internet memes as an example of political dissatisfaction of poles on the internet. Retrieve from http://cejsh.icm.edu.pl/cejsh/element/bwmeta1.element.desklight-b81daa61-b6c3-49be-8ab8e728c87893ea/c/Kobierecki-M.-Internet-Memes-as-an-Example-of-Political-Dissatisfaction-of-Poles-on-The-Internet.pdf*
17. *Dorais, 1943 – http://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2020/v11i03/22152_ijrse_final.pdf*
18. *Dougherty, D. S., Mobley, S. K., & Smith, S. E. (2010). Language convergence and meaning divergence: A theory of intercultural communication. Journal of International and Intercultural Communication, 3(2), 164-186. https://doi.org/10.1080/17513051 003611628*
19. *Fenton at Mezulewics, 2008*
20. *Finegan et al., 2017 Finegan, M. (2018). Associations between socioeconomic status and Psychological outcomes: A systematic review and meta-analysis. https://doi.org/10.1002/da.22765*
21. *Finegan, 2004 http://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2020/v11i03/22152_ijrse_final.pdf*
22. *Finegan, 2014 - Finegan, M. (2018). Associations between socioeconomic status and Psychological outcomes: A systematic review and meta-analysis. https://doi.org/10.1002/da.22765*
23. *Finegan, E. (2008). Language its structure and use, Fifth edition. Thomson Higher Thomson Place Boston, MA 02210-1202 USA*
24. *Finegan, M. (2018). Associations between socioeconomic status and Psychological outcomes: A systematic review and meta-analysis. https://doi.org/10.1002/da.22765*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

25. *Giles, H., Coupland, N., & Coupland J. (2010). Contexts of accommodation: Developments in applied sociolinguistics, 1-68. https://doi.org/10.1017/CBO9780511663673.001*
26. *Halliday, 19(seven)3 https://www.scribd.com/document/371899195/KABANATA-2 Haspelmath, M. (2017) Understanding Morphology. New York: Arnold.*
27. *Hassan, M. (2023) Discourse Analysis – Methods, Types and Examples.*
28. *Hirschberg,1996https://www.researchgate.net/publication/330839656_Retorika_at_Hikayat_Ang_Pagaaral_sa_mga_Piling_Patalastas_ng_McDonald's_Fast_Food_Chain_sa_Pilipinas*
29. *Howard Giles, 1973 https://core.ac.uk/download/pdf/147103741.pdf*
30. *Isguder, G. (2015). Using morphosemantic information in construction of a pilot lexical semantic resource for Turkish. https://doi.org/10.3115/v1/W14-5807*
31. *Jakobson, 2003 https://pinasanaysay.wordpress.com/2016/07/26/jakobson-tungkulin-ng-wika/*
32. *John Sinclair (2012), - https://www.scribd.com/document/413205285/WIKALASTAS*
33. *Kenechukwu, Assemah, Edegoh, 2008 The Dynamics of Persuasion: Communication and Attitudes in the 21st Century. http://journalism.uoregon.edu/~tbivins/stratcomweb/readings/persuasion_def.pdf*
34. *Khosrow, L. (2017). Emigranto: The syntax of German - English code- switching. Wien: Braumüller.*
35. *Klapuri, K. (2017). Code-switching. Cambridge, UK; New York: Cambridge University Press*
36. *Lane Community College. (2011). Persuasive devices: Ethos, pathos, logos. Retrieved from*
37. *https://www.lanecc.edu/sites/default/files/trio/persuasive_devices.ethos_log os_pathos.pdf*
38. *Limpaecher et al., 2021 – https://www.researchgate.net/publication/367204277_Qualitative_Research*
39. *Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic inquiry. Sage Publications*
40. *Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic Inquiry. SAGE, Thousand Oaks.*
41. *Lou, A. (2019) Content Analysis | Guide, Methods & Examples.*
42. *Lou, A. (2019) Critical Discourse Analysis | Definition, Guide & Examples.*
43. *Lou, A. (2020) Critical Discourse Analysis | Definition, Guide & Examples.*
44. *Lyons, P. (2015). Discourse strategies. Cambridge: Cambridge University Press.*
45. *Mack et al., 2005 https://www.researchgate.net/publication/356893311_Kaantasan_ng_Pagkatuto_ng_mga_Mag-aaral_sa_Asignaturang_Filipino_Tugon_sa_Makabagong_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya*
46. *Mangahis et al., 2008 - https://www.elcomblus.com/mga-gamit-ng-wika-sa-lipunan/*
47. *Matthew, S. (2015). Filipino and American online communication and linguistic variation. World Englishes, 31(2), 143-161. Retrieved from http://search.proquest.com/docview/1550992078?accountid=11091*
48. *McQuarrie, E. & Mick, D. (1996). Figure of Rhetoric in Advertising Language. Journal of Consumer Research, 4(22), 424-438.*
49. *Merriam Webster Dictionary, 2018 – https://www.coursehero.com/file/105705087/RetorikaatHikayatAngPag-aaralsamgaPilingPatalastasngMcDonaldsFastFoodChainsaPilipinas/*
50. *Merrindah, R. (2016). Electronic English in Malaysia: Features and language in use. English Today, 25(4), 39-46. https://doi.org/10.1017/S0266078409990435*
51. *Minozzi, W., & Esterling, K., & Lazer, D. & Neblo, M., (2012) Logos, ethos, pathos: Mechanisms of persuasion in a deliberative field experiment. Moschetta, Massimiliano, "Carlo Michelstaedter: Persuasion and Rhetoric."*
52. *Morse, J. M. (2000). Determining sample size. Qualitative Health Research. https://doi.org/10.1177/104973230730703*
53. *Moyano, T. (2019). Geography and spatial analysis in historical linguistics. Language and Linguistics Compass, 8(8), 344-357. https://doi.org/10.1111/lnc3.1208*
54. *Murray, 1995- https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/tl.37219956406*
55. *Namer, M., & Zweigenbaum, W. (2015). Making MIRACLEs: Interactive translingual search for Cebuano and Hindi. ACM Transactions on Asian Language Information Processing (TALIP), 2(3), 219-244. https://doi.org/10.1145/979872.979876*
56. *Nuncio et al., 2016 http://elibrary.pcu.edu.ph/cgi-bin/koha/opac-detail.pl?biblionumber=545*
57. *Patton, M. Q. (2002). Qualitative research & evaluation methods (3rd ed.).*
58. *Perloff, R. (2003) The Dynamics of Persuasion: Communication and Attitudes in the 21st Century. http://journalism.uoregon.edu/~tbivins/stratcomweb/readings/persuasion_def.pdf*
59. *Plag, 2018 – https://www.coursehero.com/file/119055708/PAGBASA-AT-PAGSUSURI-MODULE-5docx/*
60. *Rosario(2014),https://www.academia.edu/64791468/Ang_Epekto_ng_Lokal_na_Patalastas_Gamit_ang_Wikang_Filipino_sa_mga_Mamimili_na_may_Edad_na_Tatlumpu_hanggang_Limampung_Taong_Gulang_sa_Malolos_BulacanSAGE. https://aulasvirtuales.files.wordpress.com/2014/02/qualitative-research-evaluation-methods-by-michael-patton.pdf*
61. *Salazar, 1982 https://www.scribd.com/document/371899195/KABANATA-2*
62. *Shenton, A. K. (2004). Strategies for answering trustworthiness in qualitative research projects. http://www.crec.com.uk/docs/Trustworth paper.pdf*
63. *Tannen, D. (2012). Discourse Analysis – What Speakers Do in Conversation. Retrieved from Tannen, D. (2012). Discourse Analysis – What Speakers Do in Conversation. Retrieved from*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

http://linguistcisosciety.org/resouce/discourse-analysis-what speakers-doconversation

64. *Turner, D. (2020) Introducing Discourse Analysis for Qualitative Researc Vaflor, 2018 – Wilkims, F. (2015). Processing of sentences with intrasentential code- switching. In D. R. Dowty, L. Karttunen, and A. M. Zwicky (Eds), Natural Language Parsing*
65. *Wolfram, W. (2012). Sociolinguistics. Linguistic Society of America. Retrieved 10 July 2012 from http://www.lsadc.org/infro/ling-fields-socio.cfm*
66. *Yule, 2003 https://escholarship.org/uc/item/3j30945f*
67. *Yule, G. (2008). The study of language. New York: Cambridge University Press.*